# KAPASIYAHAN BLG. 2023-52

**"PAGKILALA SA MINASA SINGING HARMONY BILANG OPISYAL NA KORO NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Leo T. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Gawad Pagkilala**

*May akda:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez**
*Tagapangulo*
**Tagapangulo Lupon ng Sining, Kultura at Turismo**

---

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na kinakailangang pagyamanin ang kultura ng bayan;

**SAPAGKA'T,** nararapat na kilalanin ang Minasa Singing Harmony bilang opisyal na koro ng bayan ng Bustos na pinapangunahan ni Ginoong Caesar Cunanan mula sa Barangay Tanawan, Bustos Bulacan;

**SAPAGKA'T,** nabuo ang Minasa Singing Harmony upang itaguyod ang sining, kultura at turismo ng bayan ng Bustos sa pamamagitan ng pagkanta ng mga makasaysayang awit sa mga opisyal na okasyon ng Pamahalaang Bayan ng Bustos.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, bigyan ng pagkilala ng ika11 Sangguniang Bayan ng Bustos ang Minasa Singing Harmony bilang opisyal na koro ng Pamahalaang Bayan ng Bustos.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim